# PAMAMALAKAD SA FLIPPED CLASSROOM

*ni:*
**JAYSON D. CASTILLO**
*Limay National High School*

Biglaan ang naging pagbabago sa moda ng edukasyon ngayong pandemya at kinailangan ng maraming guro na makasabay upang ang kanilang mga mag-aaral ay patuloy na matuto sa epektibong pamamaraan. Bukod sa modyul, onlayn ang itinuturong isa sa pinakamabisang alternatibo sa kasalaukuyang panahon subalit isa sa naging hamon sa mga guro ay kung anong pamamaraan ang kanilang gagamitin upang hindi mabagot at tamarin ang mga mag-aaral dulot ng hindi sama-samang pag-aaral, ang flipped classroom o binaligtad na silid-aralan, hind isa literal na konteksto, ay naging daan upang maisakatuparan ang nabanggit na layunin (Khreisat, 2022).

Ayon sa Winjigo (2022), ang flipped classroom ay nangangahulugan na ang mga mag-aaral ay bibigyan ng mga panoorin at biswal na maaari nilang aralin at tingnan sa kani-kanilang tahanan bago pa man magsimula ang klase. Ang mga nakasanayang takdang-aralin at mga Gawain sa tahanan, sa klase naman ginagawa habang ginagabayan ng kanilang mga guro. Malaki ang naging benepisyo ng nasabing taktika upang mas maengganyo ang mga mag-aaral na makiisa at magtanong sa kalagitnaan ng diskusyon.

Batay pa rin sa nasabing lathalain, nagiging handa ang mga mag-aaral na sumabak sa klase sapagkat mayroon na silang baong kaalaman sa paksa na mas palalawakin na lamang ng mga guro. Mas nakakapagtuklas din ng maraming impormasyon ang mga mag-aaral sapagkat mayroon silang pagkakataon na magsiyasat pa tungkol sa paksang pinanood at hindi lamang nakadepende sa kung anong mga detalye ang ibibgay ng kanilang guro. Mahalaga ito upang matutunan nilang pagkumparahin at pagsama-samahin ang mga detalye ng aralin mula sa iba't ibang sanggunian.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Sa bahagi naman ng mga guro, malaking bagay ang flipped classroom sapagkat mas magkakaroon sila ng kakayahan na maglaan ng maraming oras sa kanilang mga mag-aaral (Mihai, 2016). Mas magkakaroon din ng partisipasyon ang mga magulang sa pagkatuto ng kanilang mga anak, bagay na mas makapagpapadali sa pang-unawa ng mga mag-aaral. Halimbawa ay kung lingwistika ang ituturo, mas magkakaroon ang mga guro ng maraming oras na makapagbigay ng mas maraming halimbawa at detalye kumpara kung isasama pa sa oras ang pagtalakay sa mga kahulugan at salik ng partikukar na paksa.

Bukod sa mga nabanggit na kapakinabangan ng flipped classroom, tinatayang mas magiging mataas ang pagtupad ng mga mag-aaral sa mga ekspektasyon sa kanila lalo na sa mga pagsusulit sapagkat mayroon silang mga materyales at sanggunian na maaring gamitin sa kanilang pagbabalik-aral (Panopto, 2022).

Mabilis man ang naging pagbabago sa moda ng edukasyon at panuruan bunga ng kumakalat na sakit, mananatiling mabilis makibagay ang mga guro at magiging mapanurio sa kung ano ang mabosang pamamaraan na mas makapagpapaigting sa mithiing matuto ang mga mag-aaral. Patuloy ang pag-usbong ng mga hamon ngunit patuloy din ang paglaganap ng mabisa, interaktibo, at makabagong pamamaraan na magpapatuloy sa misyon ng edukasyon para sa bawat kabataang Pilipino.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

*Sanggunian:*

Khreisat, M. (2022). Mabisang Pamamaraan sa Pagkatuto ng Wika sa Panahon ng Pandemya. Nakuha noong ika-27 ng Hunyo 2022 sa www.researchgate.net

Winjigo (2022). Kalamangan ng Flipped Classroom. Nakuha noong ika-27 ng HUnyo 2022 sa www.winjigo.com

Mihai, L. (2016). 8 Pakinabang ng Flipped Classroom sa Mag-aaral at Guro. Nakuha noong ika-27 ng Hunyo 2022 sa www.elearningindustry.com

Panopto (2022). Ano ang Flipped Classroom? Nakuha noong ika-27 ng Hunyo 2022 sa www.panopto.com

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan